

Mga pagtitipid para sa mga kabahayan

Ang Victorian Energy Upgrades ay nagpapaubaya sa mga kabahayan sa Victoria ng access sa may-diskwentong mga produktong matipid sa enerhiya sa pamamagitan ng akreditadong mga provider.

Maaaring makatipid ang karaniwang kabahayan ng mga \$150 sa isang taon at ang matitipid ay maaaring mas malaki depende sa kung ano ang ipinapagawa mo.

Halimbawa, ang pagpapakabit ng solar kit sa electric hot water system ay makakatipid ng average na \$800 bawat taon.

Paano ako makakasali?

Pumunta sa aming pahina ng produkto upang malaman kung ano ang sakop ng programa at upang mahanap ang isang akreditadong tagabigay ng serbisyo (provider) na nag-aalok ng mga produktong ito at mga serbisyo sa pagkabit (installation). Lahat ng akreditadong mga provider ay nakarehistro sa [Essential Services Commission](#).

Paano tutulungan ng Victorian Energy Upgrades ang aking kabahayan at pamayanan?

- Ang iyong kabahayan ay tatanggap ng mga diskuwento sa mga produktong matipid sa enerhiya
- Ang mga ito at tumutulong upang panatilihin mababa ang mga gastos sa enerhiya
- Ang mga kalahok sa Victorian Energy Upgrades ay makakatipid ng \$150, sa average, sa mga bayad sa enerhiya
- Pinagbuting mga benepisyo sa kalusugan sa pamamagitan ng pagpapanatiling mainit ng mga tahanan sa taglamig at malamig naman sa tag-init
- Binabawasan ang dami ng greenhouse gas na pumupunta sa atmospera.

Mayroon ding malawak na benepisyo para sa komunidad mula sa mga kabahayan at mga negosyong nakikilahok sa programa, na kinabibilangan ng:

- Paniniguro sa suplay ng ating enerhiya sa pamamagitan ng pagbabawas ng pabigat na inilalagay sa sistema ng enerhiya kapag ang kinakailangan nating enerhiya ay lumalaki
- Pagbabawas sa dami ng greenhouse gas na pumasok sa atmospera at pagtulong sa suliran sa pagbabago ng klima
- Inililipat ang mga taga-Victoria sa isang ekonomiyang may mababang emisyon sa pamamagitan ng pagbabawas ng ating pagiging palaasa sa teknolohiyang may matinding enerhiya at mataas na emisyon.

Bakit itinatag ang programang Victorian Energy Upgrades?

Ginagawang mura ng programa para sa kabahayan ng mga taga-Victoria at mga negosyo ang pagbili ng mga produktong matipid sa enerhiya at binabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas sa Victoria.

Ang Pamahalaang Victoria ay nagtatakda ng taunang mga target sa pagbabawas ng greenhouse gas para sa mga tagapagtingi (retailer) ng enerhiya.



Environment,
Land, Water
and Planning

Mga pagtitipid para sa mga kabahayan

Ang mga target na ito ay nag-uutos sa mga retailer ng enerhiya na bumili ng ilang mga sertipiko. Bawat sertipiko ay kumakatawan sa isang tonelada ng greenhouse gas na pinigilang pumunta sa atmospera.

Ang mga sertipiko ay nalilikha ng mga akreditadong negosyo kapag sila ay nagbebenta ng mga produktong matipid sa enerhiya.

Ang mga sertipiko pagkatapos ay maipagpapalit sa isang malayang merkado.

Mga produktong makukuha sa pamamagitan ng mga akreditadonga provider

- Pag-iinit at Pagpapalamig
- Pag-iinit ng tubig
- Mga telebisyon
- Pagtatapon ng pridyider o freezer
- Pridyider o freezer
- Mga ulo ng dutsa (shower heads)
- Pambara ng lamig at isulasyon (weather sealing & insulation)
- Mga standby power controller
- Mga in-home display
- Mga pambomba ng palanguyan (pool pumps)
- Mga pampatuyo (dryer) ng damit



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo ng Pagsasalinwika at Pag-iinterprete (TIS) para sa tulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag sa wika. Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa Australya) o bisitahin ang www.tisnational.gov.au